


8 mga dahilan upang mag-aral sa Canberra

PANGUNAHING LUNGSOD NG EDUKASYON SA AUSTRALYA




1 ISANG WORLD CLASS NA LUNGSOD SA PAG-AARAL AT PAMUMUHAY

Matagal na naming alam ito, at ngayon ay sumasang-ayon na ang buong mundo. Laging pinapangalanan ang Canberra bilang isa sa pinakamagandang pamuhayang lungsod at noong 2018 ay nirangguhang ika-22 na Pinakamahusay na Lungsod ng Estudyante sa buong mundo.

Mainit ang pagtanggap at ligtas ang aming lungsod, kung saan ang mga estudyante ay nag-aambag nang malaki sa aming komunidad at kulturang kosmopolitan.

2 MGA PAGPIPILIAN SA PAGTRABAHO HABANG NAG-AARAL AT MATAPOS MAG-ARAL

Magkakaroon ka ng access sa maraming part-time na trabaho, mga pagtatalaga sa industriya at mga pagkakataong magboluntaryo habang ikaw ay nag-aaral, at dahil sa kapana-panabik na hanay ng papalagong mga industriya, na sinasabayan ng pinakamataas na average na kita at pinakamababang bilang ng kawalan ng trabaho sa Australya, maganda ang hinaharap ng aming mga graduate sa pagtatrabaho.





3 KAMI ANG PANGUNAHING LUNGSOD NG EDUKASYON SA AUSTRALYA

Subok na ang aming lakas at kalidad ng edukasyon, kung saan may limang matataas na ranggong pamantasan (kabilang ang pinaka-una sa Australya) at napakahusay na mga pagpipilian para sa edukasyong pampaaralan at bokasyonal at pagsasanay.



4 IDISENYO ANG IYONG SABADO AT LINGGO

Kami ang pinaka-aktibong komunidad sa Australya sa larangan ng paglilibang at pagboboluntaryo. Ang aming mga lawa at mga daanan ng bisikleta ay nakakabilib, maging ang walang-kaparis na access sa malawak na tanawin sa nayon, dalisay na baybayin at pinakamagandang mga ski-slope sa Australya – lahat ng ito ay madaling mapuntahan.



5 MASIYAHAN SA SUNUD-SUNOD NA MAGAGANDANG BAGAY

Mahilig kami sa kasiyahan! Ang aming kalendaryo ng mga kaganapan ay punung-puno ng panayang mga world-class na pagtatanghal sa galeriya, mga konsiyerto at mga festival. Ang Canberra ay nag-aalok ng masiglang kultura ng kapehan at kainan; masayang magkape o kumain mula sa aming mga barista at mga chef na nananalo ng mga award.



6 MAKAKAHINGA NANG MALUWAG

Saan ka man nakatira sa Canberra, malalakad lang o mabibisikleta ang pasyalan o mga nature reserve na may mahigit 70% ng open space ng ACT. Ang lungsod ay patatakbuin ng 100% renewable na enerhiya sa 2020 at pinangalanan ng World Health Organisation ang Canberra bilang isa sa tatlong pangunahing lungsod para sa kalidad ng hangin noong 2017.



7 GARANTISADONG TIRAHAN

Dahil mahigit 90% ng bagong undergraduate na mag-aaral ang ginagarantiyahan ng tirahan sa kampus, nababawasan namin ang istres ng paglipat sa isang bagong lungsod.



8 ANG PINAKAMAGANDANG LUNGSOD NA MABIBISITA SA MUNDO

Pinangalanan ng nangungunang pandaigdigang awtoridad sa paglalakbay, ang Lonely Planet, ang Canberra bilang ikatlo sa pinakamagandang lungsod na mabibisita sa 2018. Magugustuhan mo ang paggalugad sa lungsod at mga kapaligiran nito kasama ang iyong mga kaibigan at kapamilya kapag sila ay magtatagal dito.

